

Saklaw ng Medi-Cal ang Pangngipin o Dental

Bilang miyembro ng Medi-Cal, ang iyong mga benepisyo at ang mga benepisyo ng iyong anak ay kabilang ang saklaw na pang-ngipin o dental. Tingnan ang tsart sa ibaba para sa pangkalahatang-ideya sa pangangalaga sa ngipin na saklaw ng Medi-Cal.



MGA SERBISYO	MGA SANGGOL	MGA BATA	MGA KABATAAN	PAGBUBUNTIS	MGA NASA TAMANG EDAD	MGA MATATANDA
Eksaminasyon*	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Mga X-ray	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Paglilinis ng ngipin	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Pagbarnis ng flouride	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Mga Pagpapasta	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Pagbunot ng ngipin	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Mga serbisyong pangemergency	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Pampakalma	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Mga molar sealant**		✓	✓			
Mga pagro-root canal		✓	✓	✓	✓	✓
Orthodontics (mga brace)***			✓			
Mga Crown****			✓	✓	✓	✓
Parsyal at buong mga pustiso			✓	✓	✓	✓
Mga reline ng pustiso			✓	✓	✓	✓
Scaling at Root Planing			✓	✓	✓	✓

*Libre o mura ang mga check-up kada anim na buwan para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kada 12 buwan para sa mga miyembrong lampas 21 taong gulang. **Ang mga permanenteng molar sealant ay saklaw para sa mga bata at kabataan na hanggang 21 taong gulang. ***Para sa mga kwalipikado. ****Ang mga crown sa mga molar o premolar (mga ngipin sa likod) ay maaaring saklaw sa ilang mga sitwasyon.

MGA SANGGOL

Ang unang pang-ngipin na pagbisita ng inyong anak ay dapat maganap pagkatapos tumubo ang kanyang unang ngipin, ngunit hindi lalampas sa kanyang unang kaarawan. Ang mga ngipin ng sanggol ay kritikal sa kalusugan at paglaki ng inyong anak. Tumutulong ang mga ito sa kanyang pagnguya, pagsasalita at pagngiti.

MGA BATA

Nagsisimulang mawala ng mga bata ang kanilang ngipin sa pagkasanggol nang maaga sa ika-limang taong gulang. Ito ang panahon kung kailan magsisimulang lumaki ang kanilang permanenteng mga ngipin. Humingi sa dentista ng mga molar sealant upang makatulong sa pagprotekta sa mga bagang ng inyong anak mula sa mga lukab.

MGA KABATAAN

Ang pagkain at pag-inom ng matatamis, na kadalasang ginagawa ng mga kabataan, ay naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib sa sakit sa giligid at pagkabulok ng ngipin. Nasisigurado ng mga kabataan na kumukuha ng regular na tsek-up ang mabuting kalusugan ng bibig sa kanilang pagtanda..

PAGBUBUNTIS

Ang mabuting pangangalaga sa kalusugan ng bibig ay nakakatulong na maiwasan ang mga problema sa panahon ng pagbubuntis. Bilang miyembro ng Medi-Cal, saklaw ka sa panahon ng iyong pagbubuntis at 12 buwan pagkatapos mong ipanganak ang iyong sanggol..

MGA NASA TAMANG EDAD

Habang tumatanda ka, nagiging mas mahalaga ang pangangalaga sa iyong kalusugan. Pinapanatiling matibay ng mga regular na pagpapatingin ng ngipin ang iyong mga giligid at ngipin, at nakakatulong ang mga ito sa iyong pangkalahatang kalusugan.

MGA MATATANDA

Ang mga nakatatanda ay madaling kapitan ng sakit sa giligid at iba pang mga problema sa kalusugan ng bibig. Maaari mong mapaliit ang posibilidad na magkasakit sa pamamagitan ng pagsisipilyo nang dalawang beses sa isang araw, pag-floss araw-araw, at regular na pagpapatingin sa iyong dentista.

Alamin ang tungkol sa inyong benepisyo sa ngipin at maghanap ng dentista ng Medi-Cal na malapit sa inyo sa [SmileCalifornia.org](https://www.smilecalifornia.org) o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-322-6384**. Sa Medi-Cal Dental, ang inyong pagbisita ay libre or mura. Magtakda ng appointment ngayon!

[SmileCalifornia.org](https://www.smilecalifornia.org) | **1-800-322-6384**

